Mensahe Tatlo

**Ang Dalawang Kasamaan ng Bayan ng Diyos**
**at ang Katapatan ng Diyos sa Pagsasakatuparan ng Kanyang Ekonomiya**

Babasahin sa Kasulatan: Jer. 2:13; Awit 36:8-9; Juan 4:10, 14; 7:37-39; 1 Cor. 10:4; 12:13

I. **Ang Jeremias, isang aklat na punô ng pagsasalita tungkol sa kasalanan ng Israel at ang poot, pagkastigo, at pagparusa ng Diyos, ay naghahayag na ang intensiyon ng Diyos sa Kanyang ekonomiya ay ang maging bukal, ang pinagmumulan ng mga buháy na tubig upang ipamahagi ang Kanyang sarili sa Kanyang piniling bayan para sa kanilang kasiyahan at katamasahan na may gol na ibunga ang ekklesia, ang kapareha ng Diyos, bilang ang paglaki ng Diyos, ang paglawak ng Diyos, upang maging ang kapuspusan ng Diyos para sa Kanyang kahayagan; ang pinakalaman ng dibinong pahayag ay yaong tayo ay nilikha at tinubos ng Diyos para sa layuning isagawa ang Kanyang sarili sa atin upang maging ating buhay at ating lahat – 2:13; Awit 36:8-9; Juan 3:29-30; 4:10, 14; 7:37-39; Apoc. 7:17; Efe. 3:16-19:**

   A. Si Kristo bilang ang buháy, espiritwal na bato ay hinampas ng awtoridad ng kautusan ng Diyos upang ang tubig ng buhay sa pagkabuhay na muli ay dumaloy mula sa Kanya at tungo sa Kanyang tinubos na bayan upang kanilang inumin– Exo. 17:6; 1 Cor. 10:4.

   B. Ang ating pag-inom sa iisang Espiritu sa pagkabuhay na muli ay ginagawa tayong mga sangkap ng Katawan, itinatayo tayo bilang ang Katawan, at inihahanda tayo upang maging ang kasintahang babae ni Kristo – 12:13; Apoc. 22:17.

II. **"Ang Aking bayan ay gumawa ng dalawang kasamaan:/ Iwinaksi nila Ako,/ Ang bukal ng mga buháy na tubig,/ Upang gumawa para sa kanilang mga sarili ng mga tipunan ng tubig/ Mga sirang tipunan/ Na hindi makapaglaman ng tubig" - Jer. 2:13:**

   A. Dapat sanang ininom ng Israel ang Diyos bilang ang bukal ng mga buháy na tubig upang sila ay maging ang Kanyang paglaki bilang ang Kanyang kahayagan, subalit sa halip ay nakagawa sila ng dalawang kasamaan:

      1. Kanilang iwinaksi ang Diyos bilang ang kanilang bukal, ang kanilang pinagkukunan, at bumaling sila sa ibang pinagkukunan maliban sa Diyos; ang dalawang kasamaang ito ang namamahala sa buong aklat ng Jeremias.

      2. Ang paggawa ng mga tipunan ay naglalarawan ng paghihirap ng Israel sa kanilang pantaong pagpapagal upang gumawa ng isang bagay (mga diyos-diyosan) upang halinhan ang Diyos.

      3. Na ang tipunan ay sira at hindi makapaglaman ng tubig ay nagpapahiwatig na maliban sa Diyos Mismo na naipamahagi sa atin bilang ang buháy na tubig, walang makapapawi sa ating kauhawan at makagagawa sa atin na maging ang paglaki ng Diyos para sa Kanyang kahayagan – Juan 4:13-14.

   B. Sa mga mata ng Diyos, ang masama, ang gumagawa ng kasamaan, ay yaong hindi lumalapit upang uminom sa Kanya (Isa. 55:7); ang masamang kalagayan ng masama ay yaong hindi sila lumalapit sa Panginoon upang kumain, uminom, at tamasahin ang Panginoon; marami silang ginagawa, ngunit hindi nila kinakaugnay ang Panginoon, upang kunin Siya, upang tanggapin Siya, upang tikman Siya, at upang tamasahin Siya; sa paningin ng Diyos, walang mas masama kaysa rito (57:20-21; cf. 55:1-2)

   C. Ninais ng Diyos na ipamahagi ang Kanyang sarili sa loob ng tao bilang kasiyahan ng tao upang Siya ay mapalaki, subalit ang tao ay naging di-tapat at di-malinis at iniawan ang Diyos para sa mga diyos-diyosan:

1. Ang diyos-diyosan sa ating puso (Ezek. 14:3) ay anumang nasa loob natin na minamahal at pinahahalagahan natin nang higit kaysa sa Panginoon at humahalili sa Panginoon sa ating buhay (I Juan 5:21):
   a. Ang mga naglalagay ng mga diyos-diyosan sa kanilang mga puso ay hiwalay sa Panginoon sa pamamagitan ng kanilang mga diyos-diyosan (Ezek. 14:5).
   b. Lahat ng mga nagtataglay ng mga diyos-diyosan sa loob nila gayunma'y naghahanap sa Diyos sa panlabas na paraan ay hindi makasusumpong sa Kanya (b. 3; cf. Jer. 29:13).
2. Sa pamamagitan ng pagsamba sa mga diyos-diyosan, ginawa ng Israel ang kanilang sarili na walang kabuluhan, walang anuman; marami silang mga diyos-diyosan na ang bilang ng mga ito ay ayon sa bilang ng kanilang mga lunsod (2:5, 28; 11:13); ipinagpalit ng Israel ang realidad ng kanilang Diyos, ang kanilang kaluwalhatian, para sa kawalang-kabuluhan ng mga diyos-diyosan (2:11; Mga Awit 106, 20; Rom. 1:23).
3. Ang apostasiya ay isang bagay ng pag-iwan sa daan ng Diyos at pagkuha ng iba pang daan upang sumunod sa mga bagay maliban sa Diyos; ito ay ang iwasksi ang Diyos at bumaling sa mga diyos-diyosan - Jer. 2:19.
4. Nang ang Israel ay mabihag ng mga taga-Babilonia, hindi pa rin mabitiwan ng bayan ng Diyos ang kanilang mga diyos-diyosan at dinala ang mga ito mula sa mabuting lupain tungo sa Babilonia; anumang bagay na humahalili sa Diyos o umookupa sa posisyon ng Diyos ay isang diyos-diyosan na nagiging pasanin sa sumasamba - Isa. 46:1.
5. Ang mga pipi at walamang imik na diyos-diyosan (1 Cor. 12:2; Hab. 2:18-20) ay ginagawang pipi at walang-imik ang kanilang mga mananamba, subalit ang Diyos na buháy ay nagsasanhi sa Kanyang mga mananamba na magsalita sa loob ng Kanyang Espiritu (1 Cor. 12:3b, Awit 115:4-8; 2 Cor. 4:13; Mga Awit 116: 12-13):
   a. Walang mananamba ng Diyos ang dapat na maging tahimik; lahat ay dapat gumamit ng kanilang mga tinig upang magsabi ng "si Hesus ang Panginoon!" sa Espiritu ng Diyos.
   b. Ito—ang magsabi ng "si Hesus ang Panginoon!" ---ay ang pangunahing pangsyon ng lahat ng espiritwal na kaloob; ang tumawag sa pangalan ng Panginoon na may wastong espiritu ay ang paraan upang makilahok, magtamasa, at maranasan ang Espiritu Santo -- 1 Cor. 12:3b; cf. Rom 14:17.
   c. "Ang patay ay hindi pumupuri kay Jehovah,/ Ni sinumang bumababa sa katahimikan./Ngunit aming pupurihin si Jehovah/ Mula sa ngayon hanggang sa walang hanggan./ Aleluya"! - Mga Awit 115:17-18.
6. Anumang tinataglay natin at anuman tayo ay maaaring maging diyos-diyosan; ang Israel ay masama at hindi tapat sa Diyos sa pagwaksi sa Diyos para sa mga diyos-diyosan; sa bagay ng pagiging hindi tapat sa Diyos, tayo ay katulad ng Israel.

**III. Kailangan nating makita ang katapatan ng Diyos sa pagsasakatuparan ng Kanyang ekonomiya -- cf. 37:3:**

A. Bagaman tayo ay hindi tapat, ang Diyos ay tapat (Panag. 3:23b); sinasabi sa koro ng kilalang himno (*Himno*, #19) "Katapatan Mo Diyos, Napakadakila!/ Bagong awa sa bawat umaga;/ Lahat ng kailangan ko'y Iyong hinanda,/ Napakatapat Mo, O Diyos Ama!"
   1. Maaari nating maunawaan ang sinasabi ng Biblia at kung ano ang sinasabi ng himnong ito tungkol sa katapatan ng Diyos alinman sa isang natural na paraan o sa isang espiritwal na paraan.

2. Kung nauunawaan natin ang katapatan ng Diyos sa isang natural na paraan, maaari nating isipin na Siya ay tapat pangunahin sa bagay ng mga materyal na probisyon o mga pisikal na pagpapala, ngunit ang katapatan ng Diyos ay hindi ayon sa ating natural na pagkaunawa; sinasabi sa 1 Corinto 1:9 na ang Diyos ay tapat sa pagtawag sa atin tungo sa salamuha ng Kanyang Anak, subalit sa ating natural na pagkaunawa maaaring hindi Siya tapat sa pangangalaga para sa ating kapakanan.
3. "Isaalang-alang ang mga pagdurusa ni apostol Pablo. Siya ay tinawag, inatasan, binigyang-kabigatan, at isinugo ng Diyos, ngunit saan man siya magpunta, siya ay may mga kaguluhan. Halimbawa, nang simulan niyang ipahayag si Kristo, siya ay nagsimulang magbatá ng pag-uusig. Kailangan pa niyang tumakas mula sa Damasco na ibinababa sa may pader na nasa loob ng isang tiklis. Nangangahulugan ba ito na hindi tapat ang Diyos kay Pablo? Hindi, ito ay nangangahulungan na ang katapatan ng Diyos ay hindi ayon sa ating natural na pagkaunawa" (*Life-study of Jeremiah*, p. 28) - Gawa 9:15-16, 23-25; 2 Cor. 11:30-33; Col. 1:24; 2 Cor. 1:5; Fil. 3:10; Apoc. 1:9; 2 Tim. 2:10; 3:12.
4. Nang sumampalataya tayo sa Panginoong Hesus, maaaring inasahan nating magkaroon ng panlabas na kapayapaan at pagpapala, ngunit sa halip, baka nagkaroon tayo ng maraming kaguluhan, at marahil naiwala natin ang ating seguridad, ang ating kalusugan, o ang ating mga pag-aari; kapag naranasan ng ilang Kristiyano ang mga gayong bagay, maaaring pag-alinlanganan nila ang katapatan ng Diyos at magtanong kung bakit hindi Niya pinigilan na mangyari sa kanila ang mga paghihirap -- Gawa 14:22; 1 Tes. 3:2-5.
5. Kailangan nating matanto na sa pagpapahintulot sa atin na magkaroon ng suliranin, ang Diyos ay tapat sa Kanyang layuning talikuran natin ang mga diyos-diyosan at ibalik tayo sa Kanya; ang ating kapayapaan, kaligtasan, kalusugan, at mga pag-aari ay maaaring maging mga diyos-diyosan sa atin, ngunit ang Diyos ay tapat upang alisin ang mga bagay na ito upang makainom tayo sa Kanya bilang bukal ng mga buháy na tubig.
6. Halimbawa, kung ang ating bahay o ang ating mga pag-aari ay naging mga diyos diyosan sa atin, iinumin natin ang mga ito at hindi ang Diyos; ang katapatan ng Diyos ay bagay ng pagtutuos sa mga diyos-diyosang ito at sinasanhi tayong uminom sa Kanya -- Mga Awit 36:8.
7. Ang Diyos ay tapat sa pangunguna sa atin sa Kanyang ekonomiya (1 Cor. 1:9; 1 Tes. 5:23-24), at ang Kanyang ekonomiya ay upang inumin natin si Kristo, kainin si Kristo, tamasahin si Kristo, sipsipin si Kristo, at asimilahin si Kristo nang sa gayo'y mataglay ng Diyos ang Kanyang paglaki kasama tayo upang isakatuparan ang Kanyang ekonomiya.
8. Kailangan nating makita na hindi tayo mas magaling kaysa sa Israel; anuman ay maaaring maging diyos-diyosan sa atin, ngunit ang Diyos ay tapat sa pagsasakatuparan ng Kanyang ekonomiya; sa Kanyang katapatan tinutuos Niya ang ating mga diyos-diyosan upang makainom tayo sa Kanya; kailangan nating lahat na uminom sa Diyos bilang ang bukal ng mga buháy na tubig, tinatanggap si Kristo tungo sa atin at inaasimila Siya nang sa gayon Siya ay lumaki para sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos upang taglayin ang Kanyang kahayagan sa pamamagitan natin bilang Kanyang kapareha --- Juan 3:29-30.

B. Kapag natanto natin na hindi tayo tapat sa Diyos, maaari tayong magsisi at tumangis, ngunit pagkatapos ay dapat tayong magsimulang uminom ng mga buháy na tubig, nagpupuri sa Diyos, nagpapasalamat sa Kanya sa lahat ng bagay, at tinatamasa Siya ( 1 Tes. 5:16-18); ito ang ninanais ng Diyos; hindi interesado ang Diyos sa anumang bagay maliban sa pagtatamasa natin kay Kristo:

1. Maaaring isipin natin na dahil sa ating kabiguan, wala na tayong pag-asa; tiyak, nadama ng bayan ng Israel na pinabayaan sila ng Diyos at sila ay tapos na, subalit ang mga kahabagan ng Diyos ay hindi nagmamaliw; sa halip, ang mga ito ay sariwa tuwing umaga - Panag. 3:22-23.
2. Maaaring ideklara ni Jeremias na si Jehovah ang kanyang bahagi at umaasa siya sa Kanya, sapagkat Siya ay mabuti sa mga naghihintay sa Kanya; may pag-asa sa Diyos sapagkat sa Diyos ay walang pagkabagabag - 24:24; cf. Mga Awit 16:5; 73:25-26.
3. Ang ating kabiguan ang nagbubukas ng daan upang makapasok si Kristo upang maging ang ating katuwiran at ang ating katubusan at maipamahagi rin ang Kanyang sarili sa loob natin upang maging ating buhay at kautusan ng buhay kalakip ang kapasidad nito na makilala ang Diyos at ipamuhay ang Diyos; sa ibang salita, ang ating kabiguan ay naghahanda at nagbubukas lamang ng daan para kay Kristo na makapasok upang Siya ay maitaas sa loob at sa pamamagitan natin upang maging ating sentralidad at unibersalidad - Jer. 23-6; 31:33-34; Col. 1:17b, 18b.
4. Kung mabigo natin ang Panginoon ngayon, huwag tayong panghinaan ng loob; may paraan ang Diyos na tuusin tayo at sanhiin tayo na gumulang at maging ang Bagong Herusalem, bilang ang Kanyang mandaraig na kasintahang babae sa susunod na kapanahunan o bilang ang Kanyang asawa sa kawalang-hanggan - Heb. 6:1a.
5. Hindi tayo dapat mag-alala tungkol sa ating sitwasyon; ang Diyos ay matiisin, mapagsimpatiya, at mahahabagin, at gugugol Siya ng panahon upang palaguin tayo:
    a. Ang bawat mananampalataya, mahina man o malakas sa kasalukuyan, ay magiging mga bumubuo sa Bagong Herusalem, at ang bawat isa roon ay gumulang na -- Apoc. 19:7-9; 21:2.
    b. Samakatwid, hindi dapat tayo madismaya o mapanghinaan ng loob; sa halip, dapat tayong mahikayat at maaliw ng Diyos ng lahat ng kaaliwan at pagpapalakas-loob -- 2 Cor. 1:3-4; Rom. 15:5.
    c. Dapat tayong maging mga tunay na mananamba ng Diyos, ang bukal ng mga buháy na tubig, sa pamamagitan ng pag-inom sa Kanya nang sa gayon Siya ay maging ang realidad sa loob natin, na sa kalaunan ay magiging ang ating pagiging tunay at sinseridad kung saan sinasamba natin ang Diyos ng pagsamba na Kanyang hinahanap -- Juan 4:23-24.

*© 2020 Living Stream Ministry*